## SO WHAT

- Ano ang matutularan mo kay David kapag kinakaharap kang kawalan ng pag-asa?
- Sino ang una mong tinatawag kapag humaharap ka sa mga hamon? Bakit?
- Gaano ka kakumbinsido na mahal ka ng Diyos? Kung hindi, ano kaya ang pumipigil sa iyo na maniwala sa Kanyang pag-ibig?

## NOW WHAT

- Papaano mo mahihikayat ang mga taong lumapit muna sa Diyos kapag kinakaharap sila ng mga hamon?
- Papaano mo makakasanayan ang pagiging mapagpakumbaba sa panahon ng kahinaan? Sa anong aspeto ng buhay mo ito dapat pang mapalago (bahay, eskwela, trabaho, etc.)?
- Kanino mo maibabahagi ang pag-ibig ng Diyos ngayong linggo? Ipagdasal ang taong ito at magtiwala sa Diyos para sa pagkabukas ng kanyang isip at pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo.

# PRAYER

- Manalangin at hilingin sa Diyos na bigyan ka ng kalakasan sa panahon ng kahinaan.
- Hilingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka tungo sa mga taong pupwede mong ipagdasal at bahagian ng ebanghelyo. Manalangin na ang bawat isa ay tanggapin ang pagmamahal ng Panginoon.
- Manalig sa Diyos para sa karunungan, kaparaanan, at mga tamang salita sa iyong pagpapalakas-loob sa mga dumaranas ng paghihirap.

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

WEEK 2 **FILIPINO**

# Pinagmumulan ng Ating Lakas




## NOTES

# CONNECT

- Anong gawain o ehersisyo ang mahina ka o kailangan mo pang pagbutihin? Bakit?
- Ano ang isang bagay na pinakagusto mo sa mga tao sa iyong paligid na tumutulong sa iyo sa iyong lakbayin sa pananampalataya?
- Nailagay ka na ba sa isang sitwasyon kung saan napilitan kang magdesisyon agad-agad? Paano ka tumugon?

## WORD

*[9]Nang malaman ni David ang plano ni Saul, sinabihan niya ang paring si Abiatar na kunin ang espesyal na damit ng mga pari. [10]Nanalangin si David, "O Panginoon, Diyos ng Israel nabalitaan po ng inyong lingkod na nagpaplano si Saul na pumunta rito sa Keila para was akin ang baying ito dahil sa akin." . . . [14]Nagtago si David sa disyerto at sa maburol na bahagi ng Zif. Araw-araw hinahanap siya ni Saul, pero hindi siya ibinigay ng Diyos kay Saul.* 1 SAMUEL 23:9,10,14

## WHAT

Pinili ni David na lumapit sa Diyos kahit na siya'y inuusig at tinutugis ni Saul para sa kanyang buhay. Nagpakumbaba siya sa harap ng Diyos at hiniling ang Kanyang gabay sa isang mataimtim na dasal. Naparoon ka na ba sa isang desperadong kalagayan? Saan mo nahanap ang iyong lakas? Tulad ni David, tayo rin ay makakatawag kay Jesus sa panahon ng kaguluhan. Heto ang paliwanag.

### 1 Si Jesus ang pinagmumulan ng ating lakas.

*"Sinabi ko sa inyo ang mga bagay na ito para magkaroon kayo ng kapayapaan sa akin. Daranas kayo ng paghihirap dito sa mundo, pero tatagan n'yo ang loob n'yo dahil nagtagumpay na ako laban sa kapangyarihan ng mundo."* JUAN 16:33

Sinabi ni Jesus na magkakaranas tayo ng gulo dito sa mundo, ngunit Kanya ring ipinangako na magkakaroon tayo ng kapayapaan sa pamamagitan Niya at ng Kanyang Salita (Juan 16:33). Pupwede tayong magkaroon ng lakas dahil napagtagumpayan na ni Jesus ang lahat ng makamundong paghihirap sa pamamagitan ng ganap na gawa niya sa krus. Papaano ka natutulungan ng katotohanang ito?

### 2 Iminodelo ni Jesus ang buhay ng pagpapakumbaba sa panahon ng kahinaan.

*Ininsulto siya pero hindi siya gumanti ng insulto. Pinahirapan siya pero hindi siya nagbanta. Ipinagkatiwala niya ang lahat sa Diyos na humahatol nang makatarungan.* 1 PEDRO 2:23

Tulad nang kung papaanong pinagsilbihan ni David si Haring Saul ngunit pag-uusig pa rin ang kapalit, ininsulto si Jesus ng mga taong pinaglaanan Niya ng Kanyang buhay. At sa kabila ng lahat, nanatiling mapagpakumbaba si Jesus. Bakit mahalaga na maging mapagpakumbaba tayo sa panahon ng kahinaan?

### 3 Si Jesus ang pinakadakilang paalala ng pagmamahal ng Diyos sa atin.

*Ipinakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang isinugo niya ang kanyang kaisa-isang anak dito sa mundo, upang sa pamamagitan niya ay magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan.* 1 JUAN 4:9

Kung si David ay may Jonatan na nagpapaalala sa kanya ng pangako ng Diyos (1 Samuel 23:17) para sa kanyang buhay, mayroon din tayong Jesus na hindi lamang pinagmumulan ng ating lakas kundi Siya ring pinakadakilang paalala na mahal tayo ng Diyos. Sa pamamagitan ni Kristo, nahaharap natin ang mga hamon nang may lakas na mula sa tibay ng loob na dala ng Kanyang pag-ibig. Bakit si Jesus ang pinakadakilang katibayan ng pagmamahal ng Diyos para sa atin? Papaano tayo dapat tumugon sa pag-ibig na ito?